Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-64 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA CASA REAL SHRINE, PASEO DEL CONGRESO, LIANG, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-06 NG OKTUBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 283-2023**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD – KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA KAY GNG. MARILYN B. DOMINGO, NANG SIYA AY KILALANIN BILANG "MOST OUTSTANDING BARANGAY POPULATION WORKER-CITY CATEGORY" SA GINANAP NA 'RAFAEL M. SALAS KAUNLARANG PANTAO AWARD (RMSKPA) REGIONAL LEVEL'.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE "AYEE" CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** binigyan ng karangalan ang ating mahal na Lungsod ni Gng. Marilyn B. Domingo, Barangay Population Worker ng San Pablo, nang ang siya ay pinarangalan at kilalanin bilang "Most Outstanding Barangay Population Worker-City Category" sa ginanap na Rafael M. Salas Kaunlarang Pantao Award (RMSKPA) Regional Level sa Maimpis, San Fernando City, Pampanga noong ika-27 ng Setyembre, 2023;

**SAPAGKAT,** sa kategoryang ito ay kinilala ang kaniyang husay sa serbisyo publiko, bilang isang Barangay Population Worker at galing sa pagtataguyod ng kaunlaran sa pamumuhay ng mga mamamayan sa kanilang barangay;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng 'Rafael M. Salas Kaunlarang Pantao Award (RMSKPA)' ay sa pangunguna ng Commission on Population and Development (CPD) Region III;

**SAPAGKAT,** si Gng. Domingo, tubong Barangay San Pablo, ay kabilang din sa nominado sa pagpili ng 'Top 3 National Awardees ng RMSKPA', na ngayon ay kasalukuyang dumaraan na sa proseso ng pagsusuri at pagpapatunay;

**SAPAGKAT,** kinakailangan ng husay, sipag, dedikasyon sa sinumpaang tungkulin, upang kilalanin at mabigyan ng ganitong parangal, at dahil dito ay kaniyang naipamalas ang tatak ng isang mabuti at maabilidad na mamamayang Malolenyo;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI · KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI · KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI · KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI · KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI · KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI · KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI · KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI · KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI · KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI · KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod ng pag-unlad o' kalinangan sa larangang kinabibilangan, pagtulong sa ikauunlad at paghikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kaya't nararapat lamang na mabigyan ng pagkilala ang katangi-tanging kontribusyon na kaniyang ibinahagi;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni **Kgg. John Vincent G. Vitug III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at pagkilala ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Abgdo. Christian D. Natividad at ng Bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista kay Gng. Marilyn B. Domingo nang siya ay kilalanin bilang "Most Outstanding Barangay Population Worker-City Category" sa ginanap na 'Rafael M. Salas Kaunlarang Pantao Award (RMSKPA) Regional Level'.

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10062023